



## ACTIVITY

- A. Iguhit si Jonah na nananalangin sa loob ng tiyan ng malaking isda pati ang iba pang bagay na maaaring makita sa loob nito. Matapos iguhit ay kulayan ang larawan.



- B. Bilugan ang titik ng tamang sagot.
1. Bakit tumakas si Jonah mula sa utos ng Diyos?
    - a. Dahil siya ay natutulog
    - b. Dahil gusto niyang magbakasyon
    - c. Dahil ayaw niyang pumunta sa Nineveh
    - d. Dahil siya ay gutom

- 
2. Ano ang nangyari habang nasa dagat si Jonah?
    - a. Naging maaliwalas ang panahon
    - b. Nakain ng isda si Jonah
    - c. Nagpadala ang Diyos ng malakas na bagyo
    - d. Nakatulog si Jonah sa itaas ng barko
  
  3. Ano ang ginawa ng Diyos upang iligtas si Jonah sa dagat?
    - a. Nagpadala ng mga marinero
    - b. Nagpadala ng isang malaking isda
    - c. Nagpadala ng isang anghel
    - d. Nagpadala ng isang barko
  
  4. Ano ang sinabi ng Diyos kay Jonah pagkatapos siyang mailuwa ng isda?
    - a. Bumalik sa Joppa
    - b. Pumunta sa Nineveh at mangaral
    - c. Magtago sa Tarshish
    - d. Bumalik sa dagat
  
  5. Ano ang ginawa ng hari ng Nineveh nang marinig ang babala ni Jonah?
    - a. Nagbigay ng piging
    - b. Nagsuot ng sako at naupo sa alikabok
    - c. Nagalit kay Jonah
    - d. Tumakas mula sa lungsod
  
  6. Ano ang reaksyon ng mga taga-Nineveh sa mensahe ni Jonah?
    - a. Hindi sila naniwala
    - b. Nagtago sila
    - c. Nag-ayuno sila at nagsuot ng sako
    - d. Umalis sila sa lungsod
  
  7. Ano ang ginawa ng Diyos nang makita ang pagsisisi ng mga taga-Nineveh?
    - a. Pinarusahan sila
    - b. Nagpadala ng bagyo
    - c. Nagpakita ng awa at hindi itinuloy ang pagkawasak
    - d. Nagbigay ng regalo

8. Ano ang naramdaman ni Jonah nang makita ang awa ng Diyos sa Nineveh?
- Natuwa siya
  - Nalungkot siya
  - Nagalit siya
  - Natulog siya
9. Ano ang ginawa ng Diyos upang turuan si Jonah ng leksyon tungkol sa habag?
- Nagpadala ng ulan
  - Nagpadala ng halaman at uod
  - Nagpadala ng anghel
  - Nagpadala ng ibon
10. Bakit mahalaga ang pagpapatawad sa iba, kahit na nagkamali sila?
- Para magustuhan tayo ng Diyos
  - Para mas gumaan ang ating pakiramdam
  - Para magpakita ng pagmamahal at habag tulad ng Diyos
  - Para makakuha ng gantimpala

Habang nasa loob ng tiyan ng isda, taimtim na nanalangin si Jonah sa Diyos. Ang kanyang panalangin at pagsisisi ay humantong sa kanyang pagkalaya. Sa kabila ng pagtanggap ng awa at habag ng Diyos, nabigo si Jonah na ipakita ito sa mga tao sa Nineveh. Naging mahirap para sa kanya na magpakita ng habag at pagpapatawad. Sa halip, nagalit si Jonah sa Diyos nang magpakita Siya ng awa sa mga taga-Nineveh. Ngunit sa huli, napagtanto niya nang ipaliwanag ng Diyos ang pangyayari tungkol sa dahon at uod. Itinuturo nito sa atin na dapat maunawaan na ang pag-ibig at awa ng Diyos ay umaabot sa lahat ng tao at kailangan nating ipakita ang kaparehong paguugali sa iba bagamat sa ating palagay ay hindi sila karapat-dapat tumanggap nito.



- C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Si Tim at Sam ay magkapatid na laging naglalaro nang masaya. Si Tim, na mas matanda sa kanilang dalawa, ay 9 na taong gulang, at si Sam naman ay 7 taong gulang. Isang araw,

habang naglalaro sila sa bakuran, nakakita si Sam ng mga krayola at naisipang gumuhit sa dingding ng kanilang bahay.

"Sam, huwag mong gawin 'yan!" sabi ni Tim. "Hindi tama ang magdumi ng dingding."

Pero hindi nakinig si Sam at patuloy pa rin sa kanyang pag-guhit. Nang makita ng kanilang nanay ang ginawa ni Sam, pinagsabihan niya ito. "Sam, mali ang ginawa mo. Kailangan mong linisin ang dingding," sabi niya.

Umiiyak si Sam at nagsimulang linisin ang dingding. Pagkatapos, niyakap siya ng kanilang nanay at sinabi, "Pinapatawad kita, Sam. Basta huwag mo na uulitin ito, ha?"

Samantala, si Tim ay hindi makapaniwala. "Nanay, bakit mo siya pinatawad agad? Dapat lang na maparusahan siya," reklamo ni Tim.

"Tim, naiintindihan ko ang nararamdaman mo," sagot ng kanilang nanay. "Pero mahalaga rin na matutunan natin ang pagpapatawad. Nagkamali si Sam, pero pinagsisihan niya ito. Bilang pamilya, dapat tayong magtulungan at magpatawad."

Napaisip si Tim. Naalala niya ang kuwento ni Jonah at kung paano nagpakita ng awa ang Diyos sa mga taga-Nineveh kahit na nagkamali sila. Napagtanto niya na mahalaga rin ang pagpapatawad sa bawat isa.

"Pasensya na, Sam," sabi ni Tim. "Tayong lahat ay talagang nagkakamali."

Nakangiti si Sam at niyakap si Tim. "Salamat, Kuya. Hindi ko na uulitin."

Mula noon, mas naging malapit at mas nagkaintindihan ang magkapatid. Natutunan nilang lahat na mahalaga ang pagpapatawad at pag-ibig sa bawat isa, tulad ng itinuturo sa kuwento ni Jonah.

Mga tanong:

1. Ano ang ginawa ni Sam na mali?

---

2. Ano ang naging reaksiyon ng kanilang ina nang makita ang guhit sa dingding?

---

3. Anong aral ang nais ng kanilang ina na maunawaan ni Tim tungkol sa pagpapatawad?

---

4. Anong kuwento ang naalala ni Tim na nakatulong sa kanya na maunawaan ang pagpapatawad?

---

5. Paano ipinakita ni Tim na naunawaan niya ang aralin tungkol sa pagpapatawad?

---

Unang naramdaman ni Tim na dapat parusahan si Sam, ngunit nalaman niya mula sa kanilang ina na mahalaga ang pagpapatawad at pakikiramay. Dapat matutunan ng mga batang tulad natin na mahalagang magpatawad sa iba at magpakita ng pang-unawa at kabaitan, kahit na nagkakamali sila.

Nang malaman ng kanilang ina ang ginawa ni Sam, hinarap ni Sam ang kanyang pagkakamali at nilinis ang dingding. Nangako si Sam na hindi na mauulit ang kanyang pagkakamali. Dapat matutunan ng mga batang tulad natin ang kahalagahan ng pagiging tapat at pananagutan sa ating mga aksyon. Itinuturo din dito na kapag tayo ay nagkamali dapat tayong matuto mula dito at magsikap na huwag na itong ulitin.



D. Memory Verse

Ang Panginoon ay mapagtiis sa atin. Hindi niya nais na ang sinuman ay mapahamak kundi ang lahat ay magsisi. **2 Pedro 3:9b**

2015